JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malimpyo

JUNE
Maabtik og Musunod sa Insaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon

Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

4

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan

## Kwarter 2 - Modyul 1:
## Agrikultura



Name of Learner: ___________________________

Grade & Section: ___________________________

Name of School: ___________________________

**Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan – Grade 4**
**Alternative Delivery Mode (ADM)**
**Kwarter 2 - Modyul 1: Pagtatanim ng Halamang Ornamental**
**Unang Edisyon, 2020**

Paunawa hinggil sa karapatang sipi. Isinasaad ng Seksiyon 176 ng Batas Pambansa Bilang 8293 na: Hindi maaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ng pahintulot ng pamahalaan o tanggapan kung saan ginawa ang isang akda upang magamitsa pagkakakitaan ang nasabing akda. Kabilang sa mga maaring gawin ng nasabing ahensya o tanggapan ay ang patawan ng bayad na royalty bilang kondisyon.

Ang mga akda/materyales (mga kwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalanng produkto o brand names, tatak o trademarks, palabas sa telebisyon, pelikula at iba pa) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon.Pinagtibay sa isangkasunduan ng Kagawaran ng Edukasyon at Filipinas Copyright Licensing Society (FILCOLS) Inc. na ang FILCOLS ang kumakatawan sa paghingi ng pahintulot sa nagmamay-ari ng mga akdang hiniram at ginamit dito. Hindi inaangkin ni kinatawan ng tagapaglathala (publisher) at mga may-akda ang karapatang-aring iyon.

Published by the Department of Education
Secretary: Leonor Magtolis Briones
Undersecretary: Diosdado M. San Antonio

**Development Team of the Module**

**Developer:** Evelyn T. Ramos
**Editors:** Allan T. Garcia, Ed.D.
James B. Delos Reyes, PhD
**Reviewers**: Laarni V. Miranda, Ed.D.
**Team Leader:** Elsa A. Marcos, Ed.D.
**Illustrator:** Gilbert B. Zamora
**Layout Artist:** Evelyn T. Ramos
**Management Team:** Roy C. Tuballa, EMD., JD., CESO VI
Jay S. Montealto, CESO VI
Norma T. Francisco, DM
Mildred D. Dayao, Ed.D.
Laarni V. Miranda, Ed.D.
Aida F. Coyme, Ed.D.

**Printed in the Philippines**
Department of Education Region IX – Zamboanga Peninsula

Office Address: Pres. Corazon C. Aquino Regional Government Center, Balintawak, Pagadian City, Zamboanga del Sur Province 7016
Telefax: (062) 215-3753, 215-3751, 991-1907, 215-3789
E-mail Address: region9@deped.gov.ph



## *ALAMIN*

Mabuhay! Ang modyul na ito ay naglalayong matulungan ang mga guro at mag-aaral na maipagpatuloy ang kanilang pagtuturo at ang pagkamit na karunungan sa panahon ng pandemya.

Idinisenyo at isinulat ang modyul na ito na kayo ang nasa isipan. Matutulungan kayo nito upang kayo'y maging mahusay, bihasa, at malayang mag-aaral sa pagkatuto ng mga aralin na may kaugnayan sa pagtatanim,

Nilalaman:

Ang pagtatanim ng halamang ornamental ay nangangailangan ng mga kasanayan at kaalaman upang matamo ang nais na resulta at maging matagumpay. Ang katangiang taglay ay makakatulong sa mag-anak at pamayanan dahil sa maraming pakinabang ang naidudulot ng pagtatanim ng mga halamang ornamental.

Ilan sa mga kaalaman at kasanayan ay ang pagkilala sa iba't ibang uri ng halamang ornamental, ang pag-aangkop nito sa uri ng lupa at panahon, at ang gusto ng mga mamimili. Ang pagpapaganda ng mga bakuran dahil sa mga bulaklak at dahon nito na nagtataglay ng magagandang kulay, at ang paglilinis nito sa maruming hangin dulot ng polusyon ay ilan sa mga pakinabang. Higit sa lahat, kung ito ay magiging isang gawaing pangkabuhayan makatutustos ito ng mga pang-araw- araw na gastusin ng pamilya.

Ang modyul na ito ay tungkol sa: Pagtatanim ng mga Halamang Ornamental

Pagkatapos ang mga aralin, kayo ay inaasahang:

1. Naisasagawa ang mga kasanayan at kaalaman sa pagtatanim ng halamang ornamental bilang isang pagkakakitaang gawain
2. Natatalakay ang pakinabang sa pagtatanim ng halamang ornamental, para sa pamilya at sa pamayanan



## *SUBUKIN*

Panuto: Sagutin ang bawat tanong. Lagyan ng tsek ( / ) ang angkop na hanay.

| Mga Tanong | Oo | Hindi |
|---|---|---|
| 1. Ang halamang ornamental ay ginagamit bang pangdekorasyon? | | |
| 2. Ang pagtatanim ng halamang ornamental ba ay nakatutulong sa pagbibigay ng malinis na hangin? | | |
| 3. Lahat ng halamang ornamental ay namumulaklak? | | |
| 4. Madaling alagaan ang mga halamang ornamental? | | |
| 5. May mga halamang ornamental ba na hindi namumulaklak? | | |
| 6. Maaaring ibenta ang mga halaman? | | |
| 7. Mahalagang may kasanayan ang isang tao sa pagtatanim? | | |

| | | |
|---|---|---|
| 8. Ang saging ba'y halamang ornamental? | | |
| 9. Maaari bang gamiting panggamot ang halamang ornamental? | | |
| 10. Walang maidudulot na mabuti sa pamilya ang mga halamang ornamental? | | |

**Lesson 1**

## Pagtatanim ng mga Halamang Ornamental



### *BALIKAN*




namumulaklak- mga halamang nagkakaroon ng bulaklak

baging- halaman na may mahahaba at payat na tangkay na pumupulupot at gumagapang sa lupa o umaakyat sa pamamagitan ng mga pangkuyapit.

palumpong- isang kaurian ng mga halamang may matigas at maraming mga sanga, mababang tayo na karaniwang kulang sa lima hanggang anim na metro.

medisinal- karaniwang nagagamit ang mga dahon o iba pang bahagi ng halamang ito para sa panggagamot at panimpla o pampalasa sa pagluluto ng mga pagkain.

puno – uri ng halamang may maraming matigas na sanga, lumalaki na mataas

palamuti- pandekorasyon

balag- isang pangsuporta sa mga pananim upang ito ay makagapang.




Maghanap ng limang halamang ornamental sa loob ng kard at pagdudugtungan sila gamit ang linya

| | | |
|---|---|---|
|  *Santan* |  *Ferns* |  *Pechay* |
|  |  |  |

| Saging | Mayana | Niyog |
| --- | --- | --- |
|  Talong |  Kadena de Amor |  Snake Plant |



## *TUKLASIN*

Ang halamang ornamental ay mga tanim na ginagamit na palamuti sa mga tahanan, paaralan, restaurant, at mga lansangan. Gaya ng mga halamang bulaklakin, halamang baging, at halamang palumpong. Mga halamang hindi namumulaklak at mga halamang medisinal.

Ilan sa mga halimbawa ng halamang ornamental:

- Namumulaklak


*Waling-waling*


*Euphorbia*

- Di- namumulaklak


*Snake Plant*


*Ferns/Pako*

- Baging


*Morning Glory*


*Kadena de Amor*

- Palumpong


*Santan*


*Gumamela*

- Medisinal


*Marigold*


*Balsam Plant*

- Puno



*Adelfa*



*Ilang-ilang*

**Mga Kasanayan at Kaalaman sa Pagtatanim ng Halamang Ornamental**

1. Uri ng halamang magpapaganda sa bakuran,tahanan at pamayanan
2. Pag-aangkop sa lugar at sukat na maaaring taniman sa tahanan o pamayanan
   - sa lupa o sa paso
   - sa lupa na may balag / pergola
   - maluwang na lugar, katamtamang luwang ng lugar
3. Uri ng lupa
   - matabang lupa
   - mabuhangin /mabato
   - luwad
   - polluted soil
4. Kagustuhan ng mga namimili
   - uri ng halamang namumulaklak o di-namumulaklak
   - lumalaki na mataas o mababa lang
   - madaling alagaan o mahirap
   - nabubuhay sa tubig o pangkaraniwan na sa lupa
   - nangangailangan ng sikat ng araw ( full sun) o nabubuhay sa ilalim sa hindi gaanong nasisikatan ng araw ( partial shade)
5. Panahon ng pagtatanim
   - tag-ulan o tag-araw
6. Mga kagamitan o kasangkapang gagamitin sa pagtatanim
7. Magiging kita sa pagtatanim

**Mga Pakinabang sa Pagtatanim ng mga Halamang Ornamental**

1. Nakapipigil sa pagguho ng lupa at pagbaha- kumakapit ang mga ugat nakapipigil sa pagguho ng lupa at pagbaha- kumakapit ang mga ugat ng mga punong ornamental sa lupang taniman kaya nakakaiwas sa landslide o pagguho ng lupa. Ang mga punong *ornamental* ay nakatutulong din sa pag-ingat sa pagbaha dahil sa tulong ng mga ugat nito.
2. Naiiwasan ang polusyon- sa gamit ng mga halaman/ punong ornamental, nakakaiwas sa polusyon ang pamayanansa maruruming hangin na nagmumula sa mga usok ng sasakyan,sinigang basura, masasamang amoy na kung saan nalilinis ang hangin na ating nilalanghap.
3. Nagbibigay lilim at sariwang hangin – may mga matataas at mayayabong na halamang *ornamental* gaya ng kalachuchi, ilang-ilang, pine tree, fire tree at marami pang iba na maaaring itanim sa gilid ng kalsada, kanto ng isang lugar na puwedeng masilungan ng mga tao. Bukod pa rito, sinasala pa ng mga punong ito ang maruruming hangin sanhi ng usok ng tambutso, pagsusunog at napapalitan ng malinis na oksiheno (oxygen) na siya nating nilalanghap.
4. Napagkakakitaan- maaring maibenta ang mga halamang *ornamental* na hindi naitanim, o magpunla o magtanim sa paso , sa mga itim na plastik bag o lata ng mga halamang ornamental na puwedeng ibenta. Ito ay nagiging pera para panustos sa pang-araw-araw na gastusin.
5. Nakapagpapaganda ng kapaligiran -sa pamamagitan ng pagtatanim ng mga halamang *ornamental* sa paligid ng tahanan ,parke, hotel, mall, at iba pang lugar,

ito ay nakatatawag ng pansin sa mga dumadaan ng tao lalo na kung ang mga ito ay namumulaklak at mahalimuyak.



## *SURIIN*

Ang **halamang ornamental** ay mga tanim na ginagamit na palamuti sa mga tahanan, paaralan, restaurant, at mga lansangan.

Mga Uri ng Halamang Ornamental

- Namumulak
- Di-namumulaklak
- Baging
- Palumpong
- Medisinal
- Puno

**Mga Kasanayan at Kaalaman sa Pagtatanim ng Halamang Ornamental**

1. Uri ng halamang magpapaganda sa bakuran,tahanan at pamayanan
2. Pag-aangkop sa lugar at sukat na maaaring taniman sa tahanan o pamayanan
3. Uri ng lupa
4. Kagustuhan ng mga namimili
5. Panahon ng pagtatanim
6. Mga kagamitan o kasangkapang gagamitin sa pagtatanim
7. Magiging kita sa pagtatanim


**Mga Pakinabang sa Pagtatanim ng mga Halamang Ornamental**

1. Nakapipigil sa pagguho ng lupa at pagbaha
2. Naiiwasan ang polusyon
3. Nagbibigay lilim at sariwang hangin
4. Napagkakakitaan
5. Nakapagpapaganda ng kapaligiran



## *PAGYAMANIN*

A. Isulat sa loob ng bawat talulot ang magkauring mga halamang *ornamental*




| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Gumamela | Waling-waling | Ferns | |
| Kadena de Amor | Santan | Marigold | Adelfa | Daisy |
| | Snake Plant | Yellow Bell | Mayana | Ilang-ilang |

B. Iguhit ang  kung ang pangungusap ay tama at  kung mali.

◯ 1. Ang malilIit na halamang ornamental ay maaaring itanim sa paso.

◯ 2. Maglagay ng balag sa mga halamang gumagapang o pumupulupot.

◯ 3. Walang pakinabang ang mga halamang ornamental.

◯ 4. Ang malaking puno ng Ilang-ilang ay dapat itanim sa maluwang na lugar.

◯ 5.Nakapagpigil sa pagguho ng lupa at pagbaha ang mga ugat ng halaman ornamental.

B. Panuto: Magtanim ng halamang ornamental gamit ang kasanayan at kaalaman natutunan sa modyul na ito. Tignan ang kraytirya gawin itong gabay sa pag-tanim.

| Mga Kraytirya | Puntos | |
|---|---|---|
| | Ganap na puntos | Marka ng bata |
| 1.Uri ng halaman | 35 | |
| 2.Uri ng lupa | 35 | |
| 3.Angkop na lugar na pinagtamnan | 30 | |
| Kabuuan | 100 | |



# *ISAISIP*

Kumpletuhin ang bawat pangungusap ng mga angkop na salita.

1. Ang halamang________________ay mga tanim na ginagamit na palamuti sa mga tahanan, paaralan, restaurant at lansangan.

ı ga matataas at mayayabong na halamang ornamental ay ibigay______________.

ı ga halamang namumulaklak at mahalimuyak ay pagpapaganda ng________________.

4. Maaaring______________ang mga halaman para pandagdag sa pang-araw-araw na gastusin.
5. Kailangang angkop sa_________, sukat at lupa ang halamang itatanim.



# *ISAGAWA*

**Hula Mo, Gawin Ko!**

Ano ang gagawin ko sa mga sitwasyong ito? Hulaan Mo.....

1. May tanim na Mayana sa bakuran ninyo. Nagkataon namang umuwi ang iyong kapatid na may pasa sa braso dahil sa paglalaro, ano ang gagawin mo?

   ____________________________________________________________

2. May palatuntunan sa inyong paaralan at ikaw ang inatasang mag-ayos ng entablado. Nakita mong may mga halamang ornamental sa paso, ano ang gagawin mo sa mga ito?

   ____________________________________________________________

3. Sa kasalukuyan, maraming tao ang nahihirapan dahil sa pandemya. Walang trabaho, kulang sa pera at pagkain samantala ang inyong palibot ay puno ng mga halamang ornamental. Ano ang gagawin mo?

   ____________________________________________________________

4. Binigyan ka ng iyong mga kaibigan ng mga sanga ng halamang palumpong. Saan mo ito itatanim?________________________________
5. Ano ang gagawin mo kapag may mga halaman ka tulad ng Morning Glory at Yellow Bell?

   ______________________________________________



# *TAYAHIN*

Panuto: Basahin ang bawat aytem. Bilugan lamang ang letra ng tamang sagot.

1. Ang mga tanim na ginagamit na dekorasyon sa mga tahanan, paaralan, at iba pang mga lugar.
   A. halamang gulay
   B. punongkahoy
   C. ornamental
   D. halamang-ugat
2. Mga halamang may matigas at maraming sanga, lima hanggang anim na metro lang ang tayo.
   A. Baging
   B. Namumulaklak
   C. palumpong
   D. medisinal
3. Ang pagtatanim ng halamang ornamental ay dapat naaangkop sa_______.
   A. Lugar
   B. Sukat
   C. lupa
   D. lahat na nabanggit
4. Ang gagawin sa mga halamang ornamental upang pandagdag sa kita.
   A. Ibigay
   B. Ibenta
   C. itanim
   D. idispley
5. Ang uri ng halamang Waling-waling o orkidyas.
   A. Palumpong
   B. Namumulaklak
   C. baging
   D. di-namumulaklak
6. Ang bahagi ng punong ornamental na kumakapit sa lupa upang makaiwas sa pagguho.
   A. Sanga
   B. Dahoon
   C. ugat
   D. bulaklak
7. Ang paraan kung paano makaiwas sa maruming hangin mula sa usok ng sasakyan,sinigaang basura at masasamang amoy.
   A. magtanim ng halaman
   B. magbungkal ng lupa
   C. magdilig ng halaman
   D. magbenta ng halaman
8. Ang pakinabang dulot ng mga halamang ornamental na itinanim sa kapaligiran na nakatatawag pansin sa mga dumadaan lalo na kung ito ay namumulaklak at mahalimuyak.
   A. napagkakakitaan
   B. naiiwasan ang polusyon
   C. nakapagpapaganda ng kapaligiran
   D. nagbibigay lilim at sariwang hangin
9. Ang mga sumusunod ay mga pakinabang na makukuha sa pagtatanim ng mga halamang ornamental maliban sa isa.
   A. napagkakakitaan
   B. nagpapaganda ng kapaligiran
   C. nagbibigay ng liwanag
   D. naglilinis ng maruming hangin
10. Ang mga sumusunod ay nagpapakita ng kabutihan dulot ng pagkakaroon ng

kasanayan at kaalaman sa pagtatanim ng halamang ornamental maliban sa isa.

A. Nagbibigay ito ng kabuhayan sa pamilya
B. Nagdudulot ito ng kasiyahan sa mga tao
C. Nagsisilbing magandang libangan sa pamilya.
D. Nagpapahirap ito sa mga nagtatanim



## *KARAGDAGANG GAWAIN*

Punan ang talahanayan ng mga halamang nakikita sa inyong paligid, ang uri nito at pakinabang dulot sa pamilya o pamayanan

| *Halaman* | *Uri ng Halaman* | *Pakinabang* |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |



## *SUSI SA PAGWAWASTO*

**Tayahin**
1. C
2. C
3. D
4. B
5. B
6. C
7. A
8. C
9. C
10. D

**A. Pagyamanin**
Gumamela at Santan
Waling-waling at Daisy
Ferns at Snake Plant
Kadena de Amor at Yellow bell
Marigold at Mayana

**B.** 1.
2.
3.
4.
5.



**Isaisip**

1. Ornamental
2. Lilim
3. Kapaligiran
4. Ibenta
5. Lugar

**Isagawa**

1. gamutin ang pasa gamit ang dahon ng mayana
2. gamitin ang mga halamang ornamental pampadagdag sa dekorasyon ng entablado
3. magbenta ng ilan sa mga halaman
4. itatanim kung saan itong angkop,maaaring sa lupa o sa paso
5. lagyan ng balag

## *SANGGUNIAN:*


"What is gumamela?," Jacque Line, last modified April 15, 2015, http://jacquepets.blogspot.com/2015/04/what-is-gumamela.html?=1

"Pechay," Guahan Family Farm, last modified March 29, 2018, www.pinterest.ph/guahanfamfarms/pechay-bok-choy/

"Suburban Tomato," Liz Melbourne, last modified June 21, 2020, https://suburbantomato.com/2011

"Diagram of Banana Plant," International Institute for Tropical Agriculture, last modified June 13, 2011, https://www.flickr.com/photos/iita-media-library/5828333849